# Pahayag 3: Ang paniniwala o kawalan ng paniniwala sa Diyos ay hindi makakaapekto sa paraan ng pagtatanong natin tungkol sa kahulugan ng moralidad at layunin ng buhay.

Bilang grupo, talakayin ang katumpakan ng pahayag 3. Basahin ang Alma 30:12–18, at talakayin kung paano nakaapekto ang mga paniniwala ni Korihor sa kanyang pananaw tungkol sa moralidad at sa layunin ng buhay. Pagkatapos ay basahin ang mga sumusunod na pahayag:



Ang paniniwala ay nagmumula sa puso, sa mga pag-asa at ninanais ng maytaglay. Sinabi ng Tagapagligtas sa lahat ng nakapaligid sa Kanya, "Ang may mga taingang pandinig ay makinig" (Lucas 8:8). . . .

Lahat ng apat na anak ni Lehi ay ipinanganak sa butihing mga magulang. Ang pagkakaiba sa pagitan nila at ng mananampalataya ay walang gaanong kinalaman sa nangyari sa kanila, kundi sa kanilang pag-uugali sa nangyari. Ang saloobin ay nagmula sa kanilang puso, na ang bawat isa ay malayang nagpapasiyai na maniwala—o hindi. . . .

. . . Hindi makokontrol ng Diyos kung kusang-loob nating pinipiling maniwala sa Kanya, tanggapin Siya, hangarin Siya. Magagawa lamang Niyang iabot sa atin ang Kanyang kamay, at kung pipiliin nating tanggapin ito, magagabayan Niya tayo tungo sa anumang kakailanganin natin para sa sarili nating pag-unlad. (Bruce C. Hafen at Marie K. Hafen, *Faith Is Not Blind* [2018], 81, 88)



Ang paraan ng makabagong pag-iisip na makapangyarihan at maimpluwensya ay ang "relatibismo sa moralidad," ang ideya na walang lubos na tama o mali. Ang pinagmumulan ng gayong mga ideya ay ang palagay na walang Diyos o, kung mayroon man, wala Siyang ibinigay na mga kautusan na angkop sa atin ngayon. . . .

Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay malinaw na nagsisimula sa ibang paniniwala: mayroong Diyos na pinagmumulan ng Walang-hanggang batas, at nagbigay Siya ng mga kautusan na nagtatatag ng tama at mali para sa maraming pagpili. . . . Sinasalungat natin ang relatibismo sa moralidad, at kailangan nating tulungan ang ating mga kabataan na iwasang malinlang at mahikayat sa pamamagitan ng pangangatwiran at mga konklusyon batay sa mga maling paniniwala nito.

Saan natin hahanapin ang mga batayan kung saan natin sisimulan ang pagpapaliwanag sa katotohanan o pagiging katanggap-tanggap ng iba't ibang mungkahi? Inaangkla natin ang ating sarili sa salita ng Diyos, tulad ng nakapaloob sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga makabagong propeta. Maliban kung tayo ay nakaangkla sa mga katotohanang ito bilang pinakasentro ng ating mga paniniwala at opinyon, hindi tayo makatitiyak na totoo ang ating mga konklusyon. (Dallin H. Oaks, "As He Thinketh in His Heart" [gabi kasama ang isang General Authority, Peb. 8, 2013])

(*Paalala:* Ang *premise*ay ang simula o batayan ng iyong pananaw. Ang *assumption* ay isang bagay na ipinapalagay mong totoo pero maaaring hindi naman talaga totoo.)

Talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Bakit nakagagawa ng malaking kaibhan ang ating mga pinagbabatayan (panimula) sa paraan ng pagsagot natin sa mga tanong?
- Ano ang kaibhang nagagawa kapag bumubuo tayo ng tanong nang may paniniwala sa Diyos bilang ating batayan?
- Bakit mahalagang maunawaan na ang paniniwala sa Diyos ay tungkol sa pagpili?

Batay sa natutuhan ninyo sa talakayang ito, itala ang binagong bersyon ng pahayag 3. Maging handang ibahagi ang inyong binagong pahayag at kung ano ang natutuhan ninyo sa inyong klase.



© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.